# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 46 BILANG 6 | BASAHIN AT TALAKAYIN | HUNYO 2026


EDITORYAL

## Bumaklas sa pagkakasaklot ng imperyalismong US

Sa ambisyong ganap na ipataw ang kanyang mala-kultong hegemonya sa daigdig, kinakaray ng US ang Pilipinas sa nilulutong gerang agresyon laban sa imperyalistang China na karibal sa kapangyarihan at hegemonya sa rehiyong Indo-Pacific at buong daigdig. Kahit walang ganansya para sa mamamayan, kakawag-kawag ang buntot ng tutang si Ferdinand Marcos Jr. sa mga utos ng imperyalismong US.

Para sa nilulutong gerang agresyon sa Asia Pacific, sinasamantala ng US ang estratehikong pusisyon ng Pilipinas na ngayo'y may siyam nang lantad na base militar sa bansa sa bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agreement sa ilalim ni Marcos Jr. Sa huling Balikatan exercises, lantaran ang mga aktibidad na pang-uudyok ng US sa China tulad ng pag-*testfire* ng Tomahawk *missile*. Hindi pa man nagtatagal, binuksan ang Salaknib 2 na tampok ang Joint Pacific Multinational Readiness Center-Exportable na maglulunsad ng *war games* ng Japan, Australia at New Zealand sa bansa hanggang Hulyo. Nakatuon ito sa panghihimasok ng US sa mga operasyong kontra-gerilya laban sa Bagong Hukbong Bayan at pagsuplay ng mga kagamitang pandigma ng Armed Forces of the Philippines na udyok sa pasistang panunupil laban tagapagtaguyod ng pambansang kasarinlan.

Tinutuhog ng US ang larangan sa pulitika, ekonomya at militar ng Pilipinas para sa pakanang paputukin ang gera sa Indo-Pacific. Binuo ang Luzon Economic Corridor (LEC) noon pang 2024 sa isang trilateral partnership ng US, Japan at Pilipinas para magtayo ng pang-ekonomikong imprastruktura sa Luzon para sa pagpihit ng sistema ng kalakalan at pagpapalaki ng saklaw ng heyopulitikal na hegemonya ng US sa rehiyon. Ngayong Mayo, lumaki pa ang LEC sa pagsama ng walong kaalyadong bansa ng US rito. Umaandar na ito bilang estratehikong hakbang laban sa pagpapahina ng impluwensya ng China sa rehiyong Indo-Pacific.

Gamit ang LEC, nais siguraduhin ng US ang *supply chain* na nakapokus sa



# KALATAS

Marso 2026
TOMO 46 BILANG 3


NILALAMAN


1 Bumaklas sa pagkakasaklot ng imperyalismong US

3 Mga proyektong offshore wind farm sa Timog Katagalugan, perwisyo sa mangingisda, mamamayan at kapaligiran

5 Protesta at alay-lakad para tutulan ang Proyektong Ahunan Dam sa Pakil

6 RGECC ng CHED, bagong instrumento ng imperyalismo para sa neoliberalismo sa edukasyon

7 Panawagan ng mga guro at estudyante ng UPLB: Reframed GE Curriculum, ibasura!

8 Tugon ni PDG: Bakit mananatiling palpak at huwad ang reporma sa lupa ng malakolonyal at malapyudal na estado?

10 Internasyunal

10 Pamumuhunang Japanese, binatikos ng mga manggagawa sa TK

11 Mga balita

12 Kultura: Hindi Kailanman Nawala ang NPA



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal


*rare earth minerals*, *semiconductors* at *artificial intelligence components* para tapatan ang pangunguna ng China rito sa pagtatayo ang "Golden Node" sa Clark City, Tarlac. Iiral ito bilang "*economic security zone*" na magiging sentro ng pagawaan ng armas sa balangkas ng Pax Silica initiative. Aakto ang mga itong hari na hindi saklaw ng panloob na batas ng papet na republika ng Pilipinas. Patibong itong maggigisa sa sambayanan sa sariling mantika dahil habang hinuhuthot ang mga hilaw na materyales ng bansa at murang lakas-paggawa ng manggagawang ieempleyo rito, mag-aambag din ito sa madugong gera ng imperyalismong US sa Indo-Pacific at mismong sa teritoryo ng Pilipinas.

Susing bahagi ng LEC ang Sangley Point International Airport sa Cavite at pasilidad sa Subic Bay na may *civilian military-dual-use facility* — gagana para sa mas maraming *commercial flights* pero magsisilbing suporta sa mga operasyong militar ng US. Nadagdagan pa ang mga pasilidad na ito sa pagpapahintulot ng gubyernong Marcos II sa US na itayo ang Maritime Centre sa Cebu City matapos ang ASEAN Foreign Ministerials Meeting sa balangkas ng ika-48 ASEAN Summit. Layon nitong lumikha ng mas maliliit na "*hub*" na nakakalat sa kapuluan sa halip na malalaking base militar upang pahirapan ang China sa pagtarget; pahinain ang pagsalig at pagmanupaktura ng produktong Chinese sa bansa laluna ang *semiconductors* at *rare earth minerals*; pabilisin ang "pagmodernisa sa depensa" ng bansa para palakasin ang operasyong nabal ng US; at taun-taong ilunsad ang 500 *joint activities* — misyong pagsasanay, ehersisyong militar at pagpapatrulya.


Habang lubos na nagpapakatuta at nagbebenta ng pambansang soberanya, lalong nahahantad sa publiko ang kataksilan ni Marcos Jr. Kagaya ng mga nagdaang administrasyon, sinuhayan at pinatibay lamang nito ang mga naunang tagibang na kasunduang militar sa US. Pinananatili ang malakolonyal na kaayusan sa pulitika at ang absolutong kontrol sa papet na gubyerno. Kasabay nito, itinali ng US ang ekonomya ng bansa sa US at pinilayan sa pamamagitan ng malapyudal na kaayusang panlipunan at tagibang na kolonyal na kalakalan. Malayang pinapapasok ang mga dayuhang sundalo sa bansa, pinagagamit ang soberanong teritoryo bilang base militar ng US hanggang sa pag-angkin nito sa yamang mineral ng bansa. Katuwang din ni Marcos Jr. ang iba pang mga balimbing at dilawang paksyon nina Risa Hontiveros na laging aktibo sa pagpapabango para dalhin ang mga argumentong kontra-Duterte pero garapalang maka-US at maka-Marcos.

Pinakamahalaga sa rehimeng US-Marcos na ipagtanggol ang interes ng US kaya bulag at bingi ito sa kahingian ng mamamayan sa gitna ng krisis na resulta na hatid ng gerang agresyon ng US laban sa Iran. Nananatiling pangako ni Marcos ang kongkretong hakbangin paano ibababa ang presyo ng langis at iba pang produktong petrolyo na dahilan ng pagsirit muli ng presyo ng halos lahat ng bilihin at serbisyo. At habang tumatagal, ninonormalisa na lamang nito ang napakataas na presyo habang tuluyan nang inabandona ang mga Pilipinong nawalan ng trabaho resulta ng *oil price shock* mula Marso ng taon. Pinakamasahol, sa gitna ng kinakaharap na krisis sa ekonomya ay tumanggi ang rehimeng US-Marcos II na itaas ang sahod ng mga manggagawa at bigyang-ayuda ang mga magsasaka at mangingisda na pawang mga labis na apektado ng krisis sa ekonomya.

Hinog na hinog ang kalagayan para bigyang direksyon ang galit ng mamamayan na mag-alsa laban sa kabulukan ng GRP at pambubusabos

ng imperyalismong US. Isang katotohanan itong hindi na maitago ng mga naghaharing pangkating nasa tuktok ng kapangyarihan ng estado. Tumatampok ang hindi na matatapalang bitak sa pagitan ng magkaribal na paksyong Marcos at Duterte upang maagap na paghandaan ang eleksyong 2028. Layon ng pangkating Marcos na isulong ang *impeachment* kay Sara Duterte upang pigilang makatakbo ito sa susunod na eleksyon habang nais naman ng pangkating Duterte na iligtas sa *impeachment* si Sara para siya ang iluklok na susunod na presidente ng bansa sa 2028 sa pamamagitan muli ng garapalang pandaraya at manipulasyon sa eleksyon.

Habang nalalantad ang labis na pagkabulok ng estadong malakolonyal at malapyudal ng Pilipinas, dapat dalhin sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan ang masidhing paghahangad ng masa para sa pagbabago. Ang tunay na kalayaan at demokrasya ay imposibleng mangyari habang nakakubabaw ang imperyalismong US sa bansa at nakatindig ang mga base militar nito sa teritoryo ng Pilipinas. Gawin nating inspirasyon ang dakilang kasaysayan ng mga ninunong Pilipino na lumaban at nag-aklas sa pananakop ng US noong 1898. Nabigo man sila sa digmang Pilipino-Amerikano, hindi naglubay sa pakikibaka ang sambayanang Pilipino hanggang sa kasalukuyan.




Gawin natin ito sa puspusang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para sa kanilang interes at kagalingan.

Hamon sa buong rebolusyonaryong pwersa na magpalakas at magpalawak, konsolidahin ang sariling hanay upang sumulong sa gitna ng mabilis na nagbabagong sitwasyon at pagkaagnas ng mga haligi ng imperyalistang pundasyon sa bansa. Samantalahin ang matabang lupa upang suyurin ang bawat sulok ng mga komunidad sa nayon at lungsod. Itaas ang ang antas ng digmang bayan sa pagpapalahok sa pinakamaraming bilang ng masang anakpawis hanggang sa mga panggitnang pwersa at pambansang burgesya.

Tiyaking magsilbi ang lahat ng pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan sa paglalantad, paglaban sa reaksyunaryong estado at sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka upang muling palakasin ang Bagong Hukbong Bayan na bibigwas sa palalong kaaway at magtatanggol sa sambayanang Pilipino sa armadong pakikipagtunggali sa dayuhan at lokal na mersenaryong AFP. Humanda sa tagisang ngipin-sa-ngipin upang magiting na salagin ang hagupit ng pasismo at ilunsad ang opensiba sa lahat ng larangan hanggang sa maigupo ang tigreng papel na imperyalismong US kasama ang iba pang salot sa lipunan.

*PANGUNAHING LATHALAIN*

# Mga proyektong *offshore wind farm* sa Timog Katagalugan, perwisyo sa mangingisda, mamamayan at kapaligiran

Kinaharap ng mamamayang Pilipino ang kakulangan sa kuryente sa anyo ng mga *rotational brownouts* sa mga nagdaang buwan. Kasabay ng palpak na serbisyo ang pahirap at hindi katanggap-tanggap na mataas na singil sa kuryente. Bandang huli, nagdeklara na rin ang rehimeng US-Marcos II ng *state of national emergency* hinggil sa krisis sa kuryente pero kapos naman sa hakbangin.

Nagkukumahog ang gubyerno ng Marcos II na maghanap ng iba't ibang pinagkukunan ng enerhiya, kabilang ang *renewable energy*. Sa sulsol ng World Bank at iba pang huwad na makakalikasang grupong pro-imperyalista, hinihikayat ang rehimeng US-Marcos II, maging ang mga nagdaang rehimen na mamuhunan sa *renewable energy* bilang diuamano'y maka-kalikasang hakbang sa paglilikha ng kuryente. Isa sa mga *renewable energy project* ay ang mga proyektong *offshore wind farm* (OSW). Sing-aga pa ng 2019 ito itinutulak ng World

Bank, at noong 2022, inilabas ang Offshore Wind Roadmap for the Philippines para magsilbing gabay sa pagpapatupad ng mga proyektong OSW sa bansa.

Ang OSW ay grupo ng mga turbina na itinatayo sa dagat upang lumikha ng kuryente. Ipinapaikot ang turbina ng malakas na hangin sa ibabaw ng dagat. Pinakamaraming plano para sa proyektong OSW ay matatagpuan sa Timog Katagalugan — 16 sa Calabarzon at pito sa Mimaropa.

### *Renewable energy*, para sa dayuhan at iilan

Kung tutuusin, malinis, sustenable at angkop na pagmumulan ng enerhiya ang *renewable energy* sa Pilipinas. Epektibo ito lalo kung pagkukumbinahin ang *solar energy*, maliliit na *hydropower plant*, *geothermal* at maging ang *wind energy*. Sa kabila nito, kinakaharap ng mga Pilipino ang mahal na singil sa kuryente dahil pribado ang serbisyo at ang sektor nito sa bansa. Katunayan, kahit unti-unting sumusulpot ang mga *renewable energy plants* sa iba't ibang bahagi ng bansa, pataas pa rin nang pataas ang singil sa kuryente.

Dahil pribadong negosyante ang nagtatayo ng mga *renewable energy*, nasa kanilang interes ang magpataw ng presyong pabor sa kanila upang kumita. Dagdag pa, protektado ang mga ito ng reaksyunaryong batas kagaya ng mga *tax exemptions* sa mga makinarya, *equipment* at materyales na inimport sa loob ng 10 taon, pitong taong hindi magbabayad ng buwis kapag nag-opereyt na ang planta at iba pa.

Sa harap ng mabangong pangalan ng *renewable energy*, dahil hindi planado ng gubyerno at iniayon na lamang sa utos ng imperyalismo, kung saan-saan na lamang itinatayo ang mga planta nito nang walang konsiderasyon sa buhay, kabuhayan at kalagayan ng mamamayang Pilipino.

Sa pagtatayo ng OSW, isa sa mga mapipinsala ay ang saribuhay at natural na tirahan ng mga isda at iba pang yamang dagat. Apektado rin nito ang kabuhayan ng maliliit na mangingisda at komersyal na pangisdaan dahil sa konstruksyon ng mga turbina at sa pagtakbo ng turbina. Perwisyo ito sa maliliit na mangingisda na mapipilitang magpalaot sa mas malayong bahagi o umikot sa mga OSW dahil bawal lumapit sa mga ito. Dagdag gastos pa ito sa konsumo sa gasolina at bawas sa kanilang kita. Samantala, kinakailangan ng malapit na imprastraktura sa baybayin na susuporta sa pag-opereyt ng mga OSW. Kakabitan din ito ng kable na may masamang epekto sa yamang dagat.

## TAMPOK NA MBK NA MAY OSW SA TK

| PROYEKTO | KUMPANYA | MAY-ARI | LOKASYON |
|---|---|---|---|
| 1,248MW Manila Bay Offshore Wind Power Project | Gigawind 5 Inc. | Ayala sa pamamagitan ng ACEN | offshore ng Bataan, Cavite at Batangas |
| 1,024MW Calatagan Offshore Wind Power Project | Giga Ace 7, Inc. | Ayala sa pamamagitan ng ACEN | Batangas |
| 100MW Nasugbu Bay Wind Power Project | First Gen Visayas Energy Inc. | Lopez sa pamamagitan ng First Gen Corporation, subsidyaryo ng First Philippine Holdings | Offshore ng Batangas |
| 2000MW Northern Mindoro Off-shore Wind Power Project | PetroGreen Energy Corporation | Yuchengco | Occidental Mindoro at Batangas |
| 275MW Tayabas Bay Wind Power Project | ACX3 Capital Holdings Inc (subsidyaryo ng NEXIF Ratch) | Singapore | offshore ng Quezon |
| 475MW Lucena Wind Power Project | ACX3 Capital Holdings Inc | Singapore | offshore at onshore ng Quezon |
| 3100MW Bulalacao Offshore Wind Farm Project (floating) | Domhain Earth Corp. | Pilipinas | offshore at onshore ng Oriental Mindoro; at offshore ng Antique |
| 1830MW Calatagan Offshore Wind Farm | Domhain Earth Corp. | Pilipinas | offshore ng Batangas at Occidental Mindoro |
| 540MW Cavite Offshore Wind Power Project | wpd Philippines, Inc. | Germany sa pamamagitan ng lokal na subisdyaryo sa bansa | Cavite at Batangas |
| 550MW Garza Offshore Wind Power Project | wpd Philippines, Inc. | Germany sa pamamagitan ng lokal na subisdyaryo sa bansa | Occidental Mindoro |

**Sino ang tunay na makikinabang sa OSW?**

Sa Timog Katagalugan, ang mga may proyektong OSW ay ang pamilya Lopez, Ayala at Yuchengco, at mga dayuhang kapitalista mula sa bansang Singapore, Germany at Switzerland. Pinakamalaking OSW ang itatayong Bulalacao Offshore Wind Farm Project (floating) sa Mimaropa na inaasahang makakalikha ng 3,100MW at ang Calatagan Offshore Wind Power Project naman sa Calabarzon na magbibigay ng 1,024MW.

Para sa dayuhang mamumuhunan, isa sa pinakamadulas na rekomendasyon ang utos ng World Bank na ipatupad ang mga proyektong OSW sa Pilipinas para masagpang ang 100% dayuhang pamumuhunan sa mga proyektong *renewable energy* at mabilis na proseso ng aplikasyon nito.

**Pagkakaisa ng mamamayan, solusyon upang labanan ang OSW**

Sa kasaysayan, pinatunayan nang epektibo ang paglaban para tutulan ang OSW at ang mapaminsalang epekto nito sa kapaligiran at perwisyo sa buhay ng mga Pilipino. Noong Nobyembre 2025, napilitan ang pamilya Ayala na ikansela ang pagtatayo ng Enex Energy Corp. ng 1,100 MW OSW sa Verde Island Passage. Umalma ang mga mamamayan dahil sa pinsalang idudulot nito sa mga bahura at mayamang saribuhay, bilang ang naturang lugar ay "*center of the center of marine shorefish biodiversity*" na may 1.14 milyong ektarya ng bahura, bakawan at halamang-dagat.

Ang pagtutol sa mga OSW at iba pang huwad na *renewable energy projects* ay hindi lamang pangangalaga sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayang Pilipino, kundi pagtatanggol laban sa pandarambong ng dayuhang mamumuhunan at kasabwat na burukrata kapitalista at burgesya komprador.

**Ang tunay na pangmatagalang solusyon sa krisis sa enerhiya**

Isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang pambansang industriyalisasyon upang tiyaking independyente at umaasa-sa-sarili ang ekonomya ng Pilipinas. Nakasaad sa 12-puntong programa ng NDFP na sa itatatag ng demokratikong gubyernong bayan, isasabansa ang mga estratehikong industriya, kabilang ang sa enerhiya, at gagawin itong pag-aari ng sambayanan sa pamamagitan ng Demokratikong Gubyernong Bayan upang tiyaking paglingkurin ito sa kagalingan at pakinabangan ng buong bayan, hindi sa negosyo ng iilan. Titiyakin din nito ang pagmaksimisa sa *renewable energy* habang responsableng nagpapatupad ng mga hakbangin upang hindi magkaroon ng malaking pinsala sa kalikasan at kapaligiran. K

*KILOS PROTESTA*



# Protesta at alay-lakad para tutulan ang Proyektong Ahunan Dam sa Pakil

Nagmartsa at nagprotesta ang mga residente ng Pakil, Laguna, taong simbahan at grupong makakalikasan sa taunang alay-lakad sa bundok Ping-as sa Pakil, Laguna noong Mayo 30. Matapos ang alay-lakad, nagmartsa ang mga residente mula Plaza Adonay patungo sa palibot ng bayan upang kundenahin ang planong pagtatayo ng Ahunan Dam o Pakil Pumped Storage Hydroelectric Power Project. Sa pangunguna ng Mamamayang Nagmamahal sa Pakil (MaNaPak), isinagawa ang pagkilos sa temang "Lusong bago Ahon: Lakad panalangin at panaghoy ng sanlikha".

Sasaklawin ng proyekto ang 299.40 ektarya ng mga Brgy. Baño, Burgos, Rizal at Taft. Ang Ahunan Dam ay proyekto ng Ahunan Power Incorporated, pinagsamang negosyo ng Prime Metro Power/Prime Infrastructure ni Enrique Razon Jr. at JBD Water Power Inc. Nagkakahalaga ito ng US$ 1.1 bilyon.

Ang pagkilos ay bahagi ng nagpapatuloy na paglaban ng mga residente sa pangwawasak ng kapaligiran ng proyektong Ahunan Dam. Nauna nang kinundena ng mga residente ang pagkakalbo ng higit 100 ektaryang kagubatan sa Sierra Madre at ang pagbutas ng 500 metrong lalim sa lupang tinatayuan ng Ahunan Dam. Perwisyo din ang proyekto sa mga magsasaka ng palay at mangingisda sa Laguna Lake dahil pinipigilan silang pumunta sa kanilang lupa at bahagi ng ilog na saklaw ng konstruksyon. Ipinagpapatuloy ang mga pakikibaka sa harap ng panggigipit at sapilitang pagpapalayas ng kumpanya sa ilang residente ng mga apektadong barangay. K



*Mga istruktura ng hydrodam project na itinayo sa baybayin ng Laguna Lake. Tanaw mula sa Bundok Ping-as. Kuha ng Mata Asia Photo Press.*

# RGECC ng CHED, bagong instrumento ng imperyalismo para sa neoliberalismo sa edukasyon

Nitong Mayo, inilabas ng Commission on Higher Education (CHED) ang panukalang bawasan ang mga kurso sa General Education (GE) sa kolehiyo sa ilalim ng Reframed General Education Curriculum Component (RGECC) ng Commission on Higher Education (CHED). Ito ang pinakabagong neoliberal na atake ng imperyalismo laban sa mga kabataang estudyante at sambayanan upang magluwal ang Pilipinas ng mura, masunurin at bulag na henerasyon ng mga kabataang Pilipinong magsisilbi sa interes ng mga dayuhang monopolyong korporasyon sa ibayong dagat.

Ang RGECC ay hindi lamang simpleng *curriculum reform* kundi isang sistematikong plano upang gawing kalakal ang edukasyong Pilipino at kitlin ang diwang makabayan ng mga kabataang Pilipino—isang produkto na ang sukatan ay hindi ang paglilingkod sa sariling bayan kundi ang kakayahang punan ang pangangailangan ng mga monopolyo dayuhang kapitalista sa murang lakas-paggawa at kakayahang intelektwal. Ito ay bahagi ng mas malawak na kontrol ng imperyalismo sa bansa na magsisilbi sa pang-ekonomya, pampulitika at maging pangmilitar na interes sa rehiyong Asia Pacific at buong mundo.




Sa ilalim ng *export-based* na modelo ng ekonomiya ng World Bank, International Monetary Fund, at mga imperyalistang bansa, ang Pilipinas ay nagsisilbing *supplier* ng murang manggagawa sa pandaigdigang merkado. Ang RGECC ay perpektong kasangkapan para sa modelong ito: ginagawa nitong "*export-ready*" ang mga gradweyt at magsilbing mga alipin ng mga transnasyunal at multinasyunal na korporasyon.

**Pinsala ng RGECC sa edukasyon**

Sa ilalim ng panukalang RGECC, babawasan ang mga kursong General Education mula sa 36 *units* tungong 18 *units*: 15 *units* para sa limang Core and Mandated na kurso at tatlong *units* para sa Institutional GE. Ang limang Core and Mandated na kurso ay Professional Communication, Global Trends and Emerging Technology, Data Evidence and Ethics in a Knowledge Society, Rizal and Philippine Studies at Labor Education. Ginawa nila ito sa palusot na "iwasan ang pag-uulit" ng mga kurso sa Senior High School ngunit tahasang tinapyas ang espasyo para sa makabayang edukasyon.

Kinatay ng kursong "Global Trends and Emerging Technology" ang pagtatalakay sa pagsusuri ng imperyalismo. Ang "Labor Education" ay hindi pagtuturo ng karapatan ng manggagawa kundi pagsasanay upang maging bulag na tagasunod sa mga anti-manggagawang patakaran ng mga dayuhang kumpanya. Itinuturo naman sa "Professional Communication" na ikahiya ang sariling wika at panitikan, sa halip, pinag-aaral ang mga kabataan kung paano makipag-usap sa paraang katanggap-tanggap sa dayuhang amo. Minemenos naman sa "Data Evidence and Ethics in a Knowledge Society" ang Ethics na isang kritikal at pundasyong disiplina tungo sa mekanikal na pagharap sa misimpormasyon at *fake news*. Pinalalabnaw ang diwang patriyotismo sa "Rizal and Philippine Studies" na nakatuon lamang sa limitadong bahagi ng kasaysayan ng rebolusyong Pilipino, ang punto de bista lamang ni Rizal. Sa ganito, inetsapwersa ang iba pang bayani ng rebolusyong Pilipino kagaya nina Andres Bonifacio at ang Katipunan na naglunsad ng armadong pakikibaka laban sa kolonyalistang Espanyol, pati ang iba pang mahahalagang buko ng kasaysayan ng pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga mananakop na US at Japan. Sa ganito, binabawasan nang husto na magkaroon ng kaalaman ang mga kabataan na suriin ang lipunan at labanan ang mga ugat ng kahirapan at pang-aapi sa sariling bansa.

**Palyatibong solusyon sa lumalalang krisis sa edukasyon**

Ayon sa sarbey ng Program for International Student Assessment (PISA), 75% ng mga 15-taong gulang estudyante ay may mababang

kakayahan sa Math, Reading at Science. Noong 2024, inilabas ng Functional Literacy, Education, and Mass Media Survey (FLEMMS) na nahihirapan ang 18.9 milyong kabataan sa batayang pagbabasa, pagsusulat at pagkukwenta (*arithmetic*). Sa pabulusok ng tantos ng pagkatuto ng mga kabataang estudyante sa paglipas ng taon, pinatunayan nitong palpak ang sistemang K-12 at ang mga binalangkas na kurso sa Senior High School. Ang diumanong paghahabol sa "*global standard*" ng estado ay nauwi sa mas mababang resulta ng pagkatuto ng mga Pilipino.

Malaon nang ipinapatupad ng CHED ang mga maka-imperyalista at kontra-makabayang patakaran sa edukasyon. Kabilang dito ang CHED Memorandum Order No. 20 noong 2013, kung saan inalis ang Filipino, Panitikan, at Philippine Government and Constitution bilang mandatory o kursong obligadong kunin. Noong 2006, ipinakilala ang Revitalized General Education Program (RGEP) na idinisenyo sa "modelong *free market*" kung saan ang mga GE *course* ay naging "mga inilalakong produkto sa merkado." Pagtutuloy ito ng matagal nang padron noong panahon ng Amerikano na gamitin ang edukasyon bilang instrumento sa kolonisasyon, hindi sa pagpapalaya ng kaisipan, pagpapaunlad ng buhay ng sangkatauhan at pagbabago ng lipunan.

Lubhang makatarungan ang mga panawagan para sa pagtatanggol sa kalayaan sa akademya sa harap ng pambabaluktot sa mga kurso ng edukasyon at pagbabaon ng mayamang kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Hindi nahihiwalay ang pakikibaka para sa pambansa, siyentipiko at makamasang edukasyon sa pangkabuuang laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Hamon sa mga makabayang guro at kabataang estudyante na gawing sandata ang edukasyon upang mamulat mula sa kaapihan, ipaglaban ang kalayaan at angkinin at iguhit ang kinabukasan.

*KILOS PROTESTA*



# Panawagan ng mga guro at estudyante ng UPLB: Reframed GE Curriculum, ibasura!

Magkakasunod na mga pahayag ang inilabas ng mga guro at mga organisasyon ng kabataang estudyante ng UPLB sa ikalawang hati ng Mayo upang kondenahin ang panukalang Reframed General Education Curriculum Component (RGECC) ng Commission on Higher Education (CHED). Nagprotesta ang mga grupo ng mga guro at kabataan estudyante sa pangunguna ng Defend GE Alliance Southern Tagalog noong Mayo 19. Kinundena rin nila ang *pekeng public hearing* ng CHED, kawalan ng demokratikong proseso at banta sa trabaho ng libu-libong guro.

Kabilang sa mga nagkondena sa bagong panukala ang College of Arts and Sciences Executive Committee, Acad Union LB, UPLB University Student Council at iba pang organisasyon ng mga estudyante. Isinusulong ng mga nagkakaisang grupo ang pitong panawagan para sa GE sa kolehiyo: **(1)** ibasura ang RGECC; **(2)** isulong ang holistiko, siyentipiko, makabayan at mapagpalayang GE; **(3)** magsagawa ng demokratiko at pambansang pagtatasa sa kasalukuyang GE Curriculum; **(4)** buuin ang bagong GE Curriculum sa pamamagitan ng demokratikong proseso; **(5)** tiyaking walang pagbabawas na gagawin sa bilang ng GE *units*; **(6)** ibalik ang Filipino, Panitikan at Philippine Government and Constitution bilang mga mandatoryong GE subjects; at **(7)** tiyaking walang tanggalan sa trabaho.

Hamon ni Zeadric Roxas, Chairperson-*elect* ng UPLB University Student Council, "Kung naghahanap ang CHED ng problemang sosolusyunan, tingnan nila ang mga estudyanteng *underload*, ang mga *building* na hindi matapus-tapos! Kung totoong seryoso ang pamahalaan, hindi nila uunahin ang mga panukalang tulad ng Reframed GE Curriculum, bagkus ay i-e-*expand* nila ang *student services*, dadagdagan nila ang badyet para sa edukasyon."

Bukod sa pang-akademikong pinsala, nagbabala rin ang Acad Union LB na nanganganib ang kabuhayan ng tinatayang 60,000 hanggang 90,000 guro ng GE *courses* kung itutulak ang *reframing*. Sa harap ito ng 2.58 milyong *unemployed* at 6.03 milyong *underemployed* na Pilipino noong Marso.

Bunsod ng malawakang pagtutol sa buong bansa, napilitan ang CHED na ipagpaliban ang *pilot testing* ng RGECC. Ayon sa Defend GE Alliance, ang pagpapaliban ay patunay na epektibo ang pagkilos ng masa, ngunit hindi ito nangangahulugang ibinasura na ng CHED ang panukala.

Sa gitna ng patuloy na pakikibaka, naninindigan ang mga guro, estudyante at mamamayan ng Timog Katagalugan na ang edukasyon ay hindi negosyo at hindi dapat gawing kasangkapan ng dayuhang kapital. Ang GE, bilang puso ng dapat ay demokratiko at mapagpalayang edukasyon, ay dapat na pagsilbihin sa pangangailangan ng bansa at hindi ng mga dayuhan at iilang naghahari.

TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

# Bakit mananatiling palpak at huwad ang reporma sa lupa ng malakolonyal at malapyudal na estado?

Kakambal ng papet na reaksyunaryong estadong Pilipino ang pagpapatupad ng mga nagpalit-palitang rehimen ng kani-kanilang bersyon ng reporma sa lupa, subalit nananatiling walang kalutasan ang malaon nang problema sa lupa. Nananatiling pinagmamay-arian ng 1% ng uring panginoong maylupa ang 20% ng lupang agrikultural habang nagsisiksikan ang milyun-milyong magsasaka sa 13% ng mga lupaing agrikultural.

Datos na mismo ng reaksyunaryong gubyerno ang nagsasabing 72% ng mga lupang sinasaka ng mga magsasaka ay hindi nila lubusang pagmamay-ari. Kahit ang pamantayan ng reaksyunaryong gubyerno na tatlong ektaryang sakahan kung may patubig o limang ektaryang sakahan sa mga nakaasa sa tubig ulan ay hindi natupad, bagkus sa kasalukuyan, umaabot na lang ng halos isang ektarya ang abereyds na lupang pagmamay-ari ng isang pamilya ng mga magsasakang may pag-aaring lupa. Sa rehiyong TK, kontrolado ng 835 na mga panginoong maylupa ang 496,469 ektarya o 70.27% ng kabuuang lupaing agrikultural nito.

**Estado ng mga PML, MBK at Burukrata Kapitalista**

Mula nang itatag ang papet na republika noong 1946, binubuo na ang mga posisyon sa reaksyunaryong gubyerno ng pamilya ng mga panginoong maylupa at mga kasabwat nilang burgesya komprador at burukrata kapitalista. Sila ang nagtatakda ng mga batas, kabilang ang mga reporma sa lupa, na puno ng mga butas upang makalusot ang kani-kanilang sariling interes at pakinabang. Mula sa pahirap na PD27 ng rehimeng US-Marcos II, hanggang sa Comprehensive Agrarian Reform Program at sa pinalawig nitong Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms, lalo lamang nakonsentra sa kamay ng iilan ang lupa. Sa konserbatibong datos ng gubyerno, mula 1980-2012, bumagsak ang bilang ng mga lupaing pagmamay-ari ng mga magsasaka mula 58% tungong 46%. Pagsapit naman ng 2021, nananatiling hindi naipamahagi ang 540,000 ektaryang saklaw ng CARP.

Dahil ang reaksyunaryong gubyerno ay pinamumugaran ng mga PML, MBK at burukrata kapitalista, nagagawa nilang itakda kung alin ang mga lupang maaaring ipailalim sa reporma sa lupa. Matapos ito, napakadali para sa kanilang ilusot ang pangangamkam sa tabing ng mga deklarasyong "hindi angkop sa pagsasaka" hanggang sa pagtatakda kung aling mga lupa ang isasailalim sa pagpapalit-gamit tungong komersyal, plantasyon, mina, ekoturismo, *renewable energy* at maging pangmilitar. Sa mga palayan pa lamang, kumitid ang taniman mula 3.4 milyong ektarya noong 1991 tungong 2.7 milyon noong 2023. Kabilang dito ang mga palayan sa rehiyon na nakumbert tungong mga *subdivision* at ilang bahagi




ng Southern Luzon Expressway at iba pang kalsada. Samantala, may mga kaso rin ng pagbawi ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) matapos ang samutsaring maniobra upang maibalik sa kamay ng panginoong maylupa ang lupa. Halimbawa nito ang pagkansela sa CLOA ng 12,000 magsasaka ng Hacienda Roxas sa Batangas noong Pebrero 2024.

Kakatwang takang-taka ang reaksyunaryong gubyerno sa kung bakit pumapalpak ang kanilang reporma sa lupa sa ganitong pamamalakad. At ngayon naman, nais magmukhang anghel ng rehimeng US-Marcos II sa harap ng malawak na masang magsasakang walang lupa sa programang kondonasyon sa ilalim ng New Agrarian Emancipation Act (NAEA) na "pagpapatawad" ng mga utang sa programang CARP. Kung tutuusin, labis nang nahuhuli ang ganitong programa lalo't karamihan sa mga naipamahaging CLOA sa ilalim ng CARP ay muli nang narekonsentra sa kamay ng mga panginoong maylupa at burgesyang kumprador dahil sa kabiguan ng mga maralita at mababang saray ng magsasaka na bayaran ang taunang amortisasyon.

Kagaya ng mga ipinatupad na reporma sa lupa ng mga nagdaang rehimen, silbing pampahupa sa nagngangalit

na magsasaka ang NAEA. Hindi nito nilulutas ang malaon nang monopolyo sa lupa sa bansa, kung saan karamihan ng mga magsasaka ay wala o kulang sa lupa. Limitado ang "pagpapatawad" ng mga utang sa mga kwalipikadong benepisyaryo. Usad-pagong ang pag-usad ng mga lokal na opisina ng Department of Agrarian Reform sa beripikasyon ng mga aplikante para maging benepisyaryo. May mga kwalipikasyon pang hindi praktikal sa ilang magsasaka, kagaya ng dapat ay kasapi ng isang kooperatiba.

**Pagpapanatili ng pyudalismo pabor sa imperyalismo**

Wala at huwad ang reporma sa lupa ng bansa para panatilihin itong nakasandig sa imperyalismo. Kailangang manatiling atrasado, agraryo at di-industriyalisado ng Pilipinas nang sa gayon ay malayang makapandambong ang imperyalismo sa mga likas na yaman ng Pilipinas, murang lakas-paggawa at gastusin sa produksyon, habang nagsisilbing bentahan at tambakan ng mga yaring produkto ng imperyalismo at labis nitong kapital.

Mula 1945, kasapi na ang Pilipinas ng World Bank (WB) na nagtakda ng kolonyal na kalakalan para pagsilbihin ang agrikultura ng Pilipinas sa pandaigdigang ekonomya na pinakikinabangan ng imperyalismo at oligarko. Pinanglyabe ng WB ang mga pautang upang ipataw ang pagpapatupad ng mga neoliberal na patakarang liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon. Lalo nitong ginawang sistematiko ang malawakang pangangamkam ng lupa para sa dayuhang negosyo at pamumuhunan sa kapinsalaan ng karapatan at pang-ekonomyang kinabukasan ng mamamayan at soberanya at integridad ng bansa.

Katunayan, ang WB mismo ang nagpayo, nagpondo at nagbigay ng teknikal na suporta para isabatas ang mga huwad na reporma sa lupa sa bansa. Ibinubukas ang mga lupain sa pagpapasangla para sa "malayang pamilihan". Kabilang dito ang mga *joint venture agreement* na nagkukumbert sa mga lupang agrikultural at pinakahuli, ang 99-year *lease law* na nagpahintuntulot sa mga dayuhan na magmay-ari ng lupa sa bansa sa loob ng 99 taon.

**Rebolusyong agraryo at armadong rebolusyon**

Walang maaasahang tunay na reporma sa lupang igagawad ng reaksyunaryong estado hangga't nananatili itong malakolonyal at malapyudal na kinukubabawan ng imperyalismo. Kailangan itong ibagsak upang ganap na makaalpas sa kuko ng imperyalismong US at makapagtayo ng nagsasariling estado ang sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng digmang bayan.

Sa kasalukuyan, ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang rebolusyong agraryo (RA) na mayroong minimum at maksimum na programa ng reporma sa lupa sa kurso ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Ipinatutupad ng mga binhi ng organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan ang RA para unti-unting pahinain ang kapangyarihan ng panginoong maylupa at bigyang kapangyarihan ang mga magsasaka. Sa mga lugar na naglulunsad ng RA, kasabay ng pagpapatibay ng mga baseng bukid at pagpapalakas ng armadong paglaban, matagumpay na nabawi ng mga magsasaka ang kanilang mga lupa mula sa kamay ng panginoong maylupa. Sa Timog Katagalugan, puu-puong libong ektaryang lupain ang naipamahagi na pinakikinabangan maging ng bagong henerasyon ng mga magsasaka. Sa mesa ng negosasyong pangkapayapaan, isinusulong ng NDFP ang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms na may bahaging nagtatalakay sa repormang agraryo at pagpapaunlad sa kanayunan. Tugon ito sa karaingan at karapatan ng magsasaka sa lupa at pagkilala sa mga lupaing ninuno at pagpapasya sa sarili ng mga pambansang minorya.

Sa pagpapaunlad ng mga industriya sa kanayunan at pagtayo sa sarili ng Pilipinas, kailangang wakasan ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Determinado itong ipagwagi ng mga rebolusyonaryong pwersa, laluna ng mga magsasaka na pangunahing pwersa sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. K

## Panlilinlang mula noon hanggang ngayon: Mga reporma sa lupa ng GRP

- Republic Act No. 31(mga susog sa Rice Tenancy Act of 1933)
- Agrarian Relations Act of 1954
- Land Reform Act of 1955
- 1963 Agricultural Reform Code
- PD No. 2
- PD No. 27
- Comprehensive Agrarian Reform Program
- Comprehensive Agrarian Reform Program with Extensions
- Support to Parcelization of Lands for Individual Titling
- New Agrarian Emancipation Act

INTERNASYUNAL

### Pakikiisa sa paggunita sa Al Nakba

Ginunita ng mga nakikibakang mamamayan ng daigdig sa pangunguna ng International League of People's Struggle ang ika-78 taon ng Al Nakba o "sakuna" sa salitang Arabo. Ito ang henosidyong isinagawa sa Palestine noong Mayo 15, 1948 upang bigyang daan ang pagtatatag ng estado ng Zionistang Israel. Nasa 15,000 Palestino ang pinaslang at 750,000 (2/3 ng populasyon noon) ang sapilitang pinalayas mula sa kanilang mga tahanan. Marami sa napilitang lumikas ang naitulak sa Gaza Strip at namumuhay bilang mga bakwet. Nasa 80% ng populasyon ng Gaza ay mga bakwet.

Ang mga bansang nagpakita ng pakikipagkaisa sa Palestine sa harap ng United Nations ay ang Turkey, Iran, Qatar, South Africa, Brazil, Malaysia, Norway, Sweden, Ireland at Belgium. Sa gitna ng pasismo sa kanilang bansa, nagpahayag ng pakikiisa sa paggunita ng Nakba ang mga mamamayang Amerikano, British at Pilipino.

### Welga ng mamamayang Bolivian para patalsikin si Paz

Ipinutok ng mga manggagawa at katutubong mamamayan ng Bolivia ang pangkalahatang welga at mga barikada noong kalagitnaan ng Mayo para ipanawagan ang pagbibitiw ng maka-US at pasistang pangulong si Rodrigo Paz Pereira at itakwil ang mga ipinatupad na anti-mamamayang patakaran. Pinangunahan ito ng Bolivian Workers' Central, mga unyon ng magsasaka at unyon ng mga minero. Higit 70 barikada ang itinayo ng mga welgista sa mga pangunahing haywey sa Bolivia. Sa kurso ng kanilang pagprotesta, naparalisa ang transportasyon at mga pabrika ng malalaking syudad sa bansa, kabilang ang kabisera.

Malakas na kinundena sa mga protesta ang pagiging sunud-sunuran ni Paz sa US. Ikinagalit ng mga welgista ang tahasang pagsuporta ng US sa pambubuwag at pamamasista ni Paz sa mga pagkilos. Ang pagsuporta ng US sa karahasan ng rehimen ni Paz ay nakaayon sa interes ng naturang imperyalista na patuloy na pakinabangan ang likas na yaman ng bansa sa kapinsalaan ng mga Bolivian. Nasa Bolivia ang pinakamalaking reserbang *lithium* sa buong mundo at kabilang sa Lithium Triangle sa South America, kasama ang Argentina at Chile, na bumubuo ng 50% kabuuang *lithium* sa buong mundo.

### Africa Forward Summit, sinalubong ng protesta

Sinalubong ng anti-imperyalistang protesta ang isinagawang Africa Forward Summit sa Nairobi, Kenya noong Mayo 11-12. Pinangunahan ang summit ng imperyalistang France. Malakas na sigaw ng mga nagprotesta ang *"Africa not for sale!"*

Marahas na dinispers ng mga pulis ang mga nagprotesta habang nagmamartsa palapit sa Serena Hotel, Uhuru Highway. Hinarang din ng mga pulis ang mga aktibista sa Kenyatta International Convention Centre, kung saan naganap ang pagpupulong. Inaresto ang 13 magpoprotesta kabilang ang limang tagapagtanggol ng karapatang tao sa Kenya at mga dayuhang aktibista mula sa Greece, South Korea, France at Britain.

Kinundena ng Communist Party Marxist-Kenya ang pang-aaresto at tinawag ang administrasyon ni William Ruto na sunud-sunuran sa dayuhan. Ang pang-aaresto ay bahagi ng mas masaklaw na anyo ng pampulitikang panunupil laban sa anti-imperyalista at demokratikong kilusan sa Kenya. K

## Pamumuhunang Japanese, binatikos ng mga manggagawa sa TK

Binatikos ng mga manggagawa ng Timog Katagalugan ang ipinagyabang ni Ferdinand Marcos Jr. na pangakong pamumuhunan ng mga kumpanyang Japanese sa Pilipinas na resulta ng apat na araw na upisyal na bisita sa Japan.

Noong Mayo 28, inianunsyo ni Marcos Jr. ang isinarang kasunduang ₱56.3 bilyong puhunan sa pagpasok ng apat na malalaking kumpanya. Dalawa sa mga kumpanya ang Furukawa Electric Co. Ltd. at Sumitomo Electric Industries, Ltd., mga dating nag-opereyt sa Cabuyao, Laguna.

Pinasubalian ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan (Pamantik)-Kilusang Mayo Uno ang ipinangangalandakan ni Marcos Jr. na kaunlarang ihahatid ng pinakabagong mga kasunduan sa Japan. "Dekada 1950 pa namumuhunan ang mga kumpanyang Japanese sa Pilipinas, pero nasaan na ang kaunlaran?"

Nagkakailan ang mga kumpanyang Japanese sa Timog Katagalugan kagaya ng Fuji Electric, Daiwa Seiko, Technol Eight, at iba pa. Sadyang hindi umunlad at hindi uunlad ang Pilipinas dahil hindi ibinabahagi ng mga kumpanyang Japanese ang kanilang kasanayan at teknolohiya sa mga Pilipino, anito. Ang mga pabrika sa Pilipinas ay nagsilbing taga-asembol lamang at ipinapadala pabalik sa Japan, saka ibebenta nang mas mahal ang yaring produkto.

Sa pagpasok ng mga kumpanyang Japanese, tinatayang 10,000 ang trabahong malilikha sa sektor ng konstruksyon, manupaktura at pangingisda. Ayon sa grupo, ang mga trabahong nalikha ng mga kumpanyang Japanese ay "hindi sapat at barat pa magpasahod habang tumatabo ng malaking kita ang mga kapitalista." K

# Mga Rizaleño, nagrotesta sa kawalang pananagutan ng korap na rehimeng US-Marcos II




Nagprotesta ang mamamayang Rizaleño sa harapan ng LRT Masinag sa Antipolo City, Rizal noong Mayo 15 upang ipahayag ang galit sa panlilinlang ng administrasyong Marcos Jr. hinggil sa mga kaso ng korapsyon sa bansa.

Sa protesta, itinambol ang mga panawagang pag-aresto kay Ronald "Bato" dela Rosa sa kanyang mga krimen laban sa sangkatauhan sa bisa ng *warrant of arrest* mula sa International Criminal Court at ang paglilitis kay Sara Duterte na in-*impeach* ng Kamara sa ikalawang pagkakataon. Ayon sa mga nagpoprotesta, dapat managot ang administrasyong Marcos Jr. sa pagsira ng tiwala ng mamamayan sa ilalim ng kanyang pamumuno.

# Pagtanggi na i-endorso ang Altai Mining Project, nanaig

Nanaig ang boses ng mamamayan sa lokal na gobyerno ng Brgy. España, San Fernando, Sibuyan Island, Romblon na tutulan at huwag i-endorso ang Altai Mining Project. Mahigit 500 residente ng barangay at karatig ang nagprotesta noong Mayo 25 kasabay ng sesyon ng Sangguniang Barangay.

Sa sesyon ng Sangguniang Barangay, 5 ang tutol habang 4 ang pabor sa pag-eendorso ng konseho. Hindi itutuloy ang proyekto dahil mahalagang dokumento ang pag-eendorso ng baranggay sa operasyon ng pagmimina. Nauna nang naghapag ang Altai Philippines Mining Corporation ng Mining Project Feasibility and Operations sa San Fernando. Pagmamay-ari ito ng pamilyang Gatchalian.

Bahagi ito ng malaon nang pakikibaka ng mamamayan ng Sibuyan Island para pigilan ang proyektong pagmimina. Pinahintulutan ang proyekto ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) noong 2009 na sasaklaw sa 1,580 ektaryang lupain sa San Fernando. Apektado ng operasyong mina ang 62,000 magsasaka at mangingisda na umaasa sa rekurso sa gubat at ilog.

Mula 2011, tinutulan na ito ng mamamayan at napatigil ang operasyon ng mina. Enero 2023, nagbarikada ang mga residente nang gawaran ng rehimeng US-Marcos II ang kumpanyang mina ng *permit*. Sa bisa ng Mines and Geosciences Bureau, binigyang permiso ang kumpanya noong Disyembre 2022. Nagpetisyon din sila noong Mayo 4, 2025 sa DENR para kanselahin ang kontrata ng kumpanya.

BANTAY KARAPATAN

# Intimidasyon sa lokal na lider-magsasaka sa Batangas noong Mayo Uno

Isang lokal na lider ng SUGAR-Batangas at Kaisahan ng Manggagawang Bukid-Batangas sa Calaca City, Batangas ang hinaras at nakaranas ng intimidasyon mula sa mga ahente ng intelidyens ng Philippine Army. Ito ay matapos ang inilunsad na konsultasyon sa mga magtutubó at naging pagkilos sa Brgy. Madalunot, para tutulan ang tumataas na presyo ng langis sa bansa.

Hindi bababa sa walong intel ng AFP ang nag-ikot at nanakot sa mga residente para pigilang lumahok sa pagkilos sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa noong Mayo 1. Ayon sa SUGAR-Batangas, karaniwan itong pakana ng PNP at AFP tuwing maglulunsad ng pagkilos ang mga magsasaka at manggagawang bukid.

Matatandaang sa kasagsagan ng kampanya para sa kumpensasyon sa mga biktima ng sunud-sunod na bagyo ay hinaras ng mga pulis ang mag-asawang sina Ayrene Marasigan at Edu Marasigan, kapwa *convenor* ng Alyansa ng Magsasaka para sa Kumpensasyon-Batangas. Tahasan nilang ni*red-tag* ang AMK, SUGAR, at mga lokal na lider nitong sina Charlie Lopez, Louie Quiroz, Ahla Fortuno at ang *human rights worker* na si Hailey Pecayo.

Nanawagan ang SUGAR-Batangas na itigil ang intimidasyon at *harassment* sa mga lokal na lider at palayasin ang AFP-PNP sa kanilang mga komunidad.

# Hindi Kailanman Nawala ang NPA

## ni Rome Payapa

Hindi kailanman nawala ang NPA,
sila'y naroon sa bawat pagtitipon,
inaalam ang karaingan ng masa,
iminumulat sila sa pampulitikang sitwasyon

Tinitipon ang higanteng lakas,
kapiling ang matatanda,
kababaihan, at mga bata,
sama-samang isinusulong ang kanilang pakikibaka

Hindi kailanman nawala ang NPA,
sila'y nasa bawat pagtatanghal
sumasayaw, tumutula, umaawit, lumilikha,
higit na pinauunlad ang sining na mapagpalaya

Nagbibigay sila ng mga pag-aaral
sa literasiya, numerasiya, maging sa pagbabasa
sa mga masang pinagkaitang matuto
ng sistemang nagsasamantala sa kanila.

Hindi kailanman nawala ang NPA,
sila'y naroon sa mga nayon
katuwang ng mga magsasaka,
pinauunlad ang kanilang produksyon.

Binibigkis sila sa mga samahan,
laban sa mga sagadsaring mangangamkam
Pinauunawa ang kanilang mga karapatan
ginigiyahan sila sa agraryong paglaban.

Hindi kailanman nawala ang NPA,
sila'y nasa mga lugar na hindi mo inaasahan
pinalalakas ang kanyang mga pwersa,
inihahanda ang kanilang isip at katawan.

Matahimik silang nag-aabang
sa mga kaaway ng mamamayan,
nakatudla ang kanilang mga armas
para mag-opensiba't magpalakas!

Hindi kailanman nawala ang NPA,
sila'y malalim nang nakaugat sa masa at sa bayan
Buong-puso silang tinatangkilik at sinusuportahan
bilang mga tunay na Hukbo ng mamamayan

Buong lakas at buhay ang kanilang alay
para sa kanilang sinumpaang tungkulin
sa interes ng masa't demokratikong rebolusyong bayan
hanggang sa tagumpay ay ating marating!

Kahirapan at sakripisyo ay higit na pinangingibabawan,
sa masa'y sumasalig at hindi pinanghihinaaan.
Naglalagablab ang diwa para sa pambansang demokrasya,
at patuloy na itinataas ang antas ng armadong pakikibaka!

Hindi kailanman nawala ang NPA,
'pagkat hangga't may pang-aapi at pagsasamantala,
ay mayroong masa na hahawak ng sandata
at kasama sila'y papatagin ang landas tungo sa tunay na paglaya! K

